

Pang-araw-araw na Wikang Tsino

每日汉语



菲律宾语 02



国家汉办/孔子学院总部
Hanban/Confucius Institute Headquarters



中国国际广播电台
CHINA RADIO INTERNATIONAL

H195.4

中国国际广播出版社

02

Pang-araw-araw na Wikang Tsino

每日汉语

中国国际广播出版社



目录 / Mga Nilalaman

第十三课 在中餐厅

Aralin Bilang Labing-tatlo Sa isang
Restawran na Tsino 1

第十四课 吃自助餐

Aralin Bilang Labing-apat Sa Isang Bupe..... 11

第十五课 吃小吃

Aralin Bilang Labing-lima Pagbili ng
Pagkain sa Daan 21

第十六课 家庭聚会

Aralin Bilang Labing-anim Sa Pagtitipon
ng Pamilya 31

第十七课 宴会

Aralin Bilang Labing-pito Sa Isang
Bangkete 42

第十八课 在超市

Aralin Bilang Labing-walo Sa
Supermarket 51



目录 / Mga Nilalaman

第十九课 水果市场

Aralin Bilang Labing-siyam Sa Tindahan..... 61
ng Prutas

第二十课 二手市场

Aralin Bilang Dalawampu Sa Tindahan ng
mga Segunda Mafno..... 70

第二十一课 电话购物

Aralin Bilang Dalawampu't Isa Pamimili
sa Pamamagitan ng Telepono..... 80

第二十二课 在服装店

Aralin Bilang Dalawampu't Dalawa Sa
Tindahan ng mga Damit..... 90

第二十三课 在商场


Aralin Bilang Dalawampu't Tatlo Sa
Department Store..... 102

第二十四课 在书店

Aralin Bilang Dalawampu't Apat Sa
Tindahan ng mga Aklat..... 114

第十三课 在中餐厅

Aralin Bilang Labing-tatlo Sa isang
Restawran na Tsino



X: Hi, 大家好! Halikayong muli sa programang Pang-araw-araw na Wikang Tsino. Ito si Xian Jie.

L: Ito naman si Liu Kai. 大家好.

X: Noong nakaraan pinag-aralan natin ang mga ekspresyon na maari nating gamitin kung tayo ay magpupunta sa mga fast food dito sa Tsina. Pagbalik-aralan muna natin ang mahahalagang pangungusap. Naaalala pa ba ninyo kung paano sinasabi ng mga Tsino ang “Ano ang gusto mong kainin?”

L: 你想吃什么? Gusto ko ng hamburger at isang tasa ng tsaang itim.

X: 我要一个汉堡, 还有一杯红茶. Gusto mo bang kainin dito o iuwi?

L: 在这儿吃还是带走?

X: Panghuli: Nasaan po ang CR?

L: 请问洗手间在哪儿? Ngayon, pakinggan natin ang buong usapan noong nakaraan:



完整对话 Ang Lahat ng Usapan

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 你想吃什么? Ano ang gusto mong kainin?

B: 我要一个汉堡, 还有一杯红茶. Gusto ko ng hamburger at isang tasa ng tsaang itim.

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 在这儿吃还是带走? Gusto mo bang kainin dito o iuwi?

B: 在这儿吃。Kakainin ko dito.

对话三 Usapan Bilang Tatlo

A: 请问, 洗手间在哪儿? (Mawalang-galang na), nasaan po ang CR?

B: 往前走, 左拐。Dumeretso ka tapos lumiko ka sa kaliwa.

X: Hanggang dito na lang ang ating pagbabalik-aral. Susunod naman ang Misyon sa Araw na Ito.



今日关键 Misyon sa Araw na Ito

Nǐ men yǒu shén me tè sè cài?

你们有什么特色菜?

Ano ang inyong espesyaliti?

Nǐ xū yào dāo chā ma?

你需要刀叉吗?

Kailangan ba ninyo ng kutsilyo't tinidor?

Qǐng wèn nǐ yào hóng chá ma?

请问你要红茶吗? Gusto ba ninyo ng tsaang itim?

Wǒ men AA zhì ba.

我们 AA 制吧。Hati tayo sa bayad.

L: Kadalasan, kung nagpupunta kami sa isang restawran na Tsino para kumain, tinatanong muna namin ang mga weyter at weytres kung ano ang kanilang espesyaliti. Ang paraan ng pagsasabi ng “Ano ang inyong espesyaliti?” sa wikang Tsino ay 你们有什么特色菜?

X: 你们有什么特色菜?

L: 你们, kayo.

X: 你们.

L: 有, magkaroon o mayroon.

X: 有.

L: 什么, ano.

X: 什么.

L: 特色, espesyal.

X: 特色.

L: 菜, putahe, pagkain.

X: 菜.

L: Ano ang inyong espesyaliti? 你们有什么特色菜?

X: 你们有什么特色菜? Ngayon, pakinggan natin ang unang usapan:

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 你们有什么特色菜? Ano ang inyong espesyaliti?

B: 烤鸭。你喜欢吗? Roast Duck. Gusto mo ba ito?

A: 喜欢。Oo.

X: Gaya ng alam natin, ang Beijing Roast Duck ay itinuturing na isa sa mga pinakamasarap na pagkain sa buong mundo. Ang Roast Duck sa wikang Tsino ay 烤鸭.

L: Ang chopsticks ay walang-katulad na gamit para sa mga Tsino kung sila ay kumakain. Para sa mga dayuhan na kararating lang sa Tsina o doon sa mga hindi pa nagtatagal dito, maari kayong alukin ng kutsilyo't tinidor ng weytres sakaling hindi kayo sanay gumamit ng chopsticks. "Kailangan mo ba ng kutsilyo't tinidor?" 你需要刀叉吗?

X: 你需要刀叉吗?

L: 你, mo.

X: 你.

L: 需要, gusto o kailangan.

X: 需要.

L: 刀, kutsilyo.

X: 刀.

L: 叉, tinidor.

X: 叉.

L: Ang 吗 ay isang kataga na nagpapahiwatig ng tanong.

X: 吗.

L: Kailangan mo ba ng kutsilyo't tinidor? 你需要刀叉吗?

X: 你需要刀叉吗? Narito ang klip ng ikalawang usapan:

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 你需要刀叉吗? Kailangan mo ba ng kutsilyo't tinidor?

B: 不。我想试着用筷子。Gusto kong subukin ang chopsticks.

X: Gaya ng alam ninyo, ang tsaang Tsino ay kilalang-kilala. At kung kumakain kasama ang mga kaibigan at panauhin, hindi nawawala sa mga Tsino ang pagiging maasikaso sa iba na gaya ng pagtatanong ng "Gusto ba ninyong uminom ng tsaang itim?" Sa wikang Tsino ito ay 请问你要红茶吗?

L: 请问你要红茶吗?

X: 请, mawalang-galang na.

L: 请.

X: 问, magtanong,

L: 问.

X: 请问, mawalang-galang na, maari bang malaman. Kung may impormasyong gustong malaman, madalas na

gamitin ng mga Tsino ang 请问 sa simula ng pangungusap bilang paggalang. Halimbawa, 请问, 你叫什么名字? (Literal) Mawalang-galang na, maari bang malaman ang pangalan mo? Sa wikang Filipino naman, ang “maari” at “ninyo” ay nagpapahiwatig ng paggalang.

L: 请问.

X: 你, ka.

L: 你.

X: 要, gusto o kailangan.

L: 要.

X: 红茶.

L: 红茶, tsaang itim.

X: Ang 吗 ay kataga na nagpapahiwatig ng tanong.

L: Sa wikang Tsino, inilalagay ang katagang pananong sa hulihan ng pangungusap.

X: Oo. Tulad ng isang ito. 请问你要红茶吗?

L: 请问你要红茶吗? (Mawalang-galang na,) maari bang malaman kung gusto ninyo ng tsaang itim? Narito ang Usapan Bilang Tatlo:

对话三 Usapan Bilang Tatlo

A: 请问你要红茶吗? (Mawalang-galang na,) maari bang malaman kung gusto ninyo ng tsaang itim?

B: 我想尝尝中国绿茶。Gusto kong tikman iyong

berdeng tsaang Tsino.

L: Ngayon, saglit na pagbalik-aralan natin ang mahahalagang pangungusap na natutuhan natin ngayon-ngayon lang at pagkatapos pakinggan naman natin ang buong usapan. Una ang, “Ano ang inyong espesyaliti?” sa wikang Tsino ay:

X: 你们有什么特色菜?

L: Kailangan mo ba ng kutsilyo’t tinidor?

X: 你需要刀叉吗?

L: (Mawalang-galang na,) maari bang malaman kung gusto ninyo ng tsaang itim?

X: 请问你要红茶吗? Narito ang kabuuan ng usapan sa araw na ito:



完整对话 Ang Lahat ng Usapan

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 你们有什么特色菜? Ano ang inyong espesyaliti?

B: 烤鸭。你喜欢吗? Roast Duck. Gusto ba ninyo ito?

A: 喜欢。Oo.

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 你需要刀叉吗? Kailangan ninyo ng kutsilyo’t tinidor?

B: 不。我想试着用筷子。Gusto kong subukin ang chopsticks.

对话三 Usapan Bilang Tatlo

A: 请问你要红茶吗? (Mawalang-galang na,) maari bang malaman kung gusto ninyo ng tsaang itim?

B: 我想尝尝中国绿茶。Gusto kong subukin ang berdeng tsaang Tsino.

X: Okey. Iyan ang buong usapan ngayong araw. Ngayon, pakinggan naman natin ang Mga Tip ng Kulturang Tsino.



Mga Tip ng Kulturang Tsino

Ang sining ng pagluluto ng pagkaing Tsino ay nagtatamasa ng kanyang reputasyong pandaigdig. Ipinakikita ng estadistika na mayroong mahigit 10,000 uri ng lutuing Tsino.

Sa loob ng mahabang panahong pag-unlad, ang iba't ibang lugar sa Tsina ay nagpaunlad din ng kani-kanilang walang-kapares na lutuin at sa mga ito, ang pinakakilala ay iyong tinatawag na "Eight Cuisines in China" na kinabibilangan ng Lutuing Shandong, Lutuing Sichuan, Lutuing Guangdong o Lutuing Cantonese, Lutuing Jiangsu, Lutuing Zhejiang, Lutuing Fujian, Lutuing

Hunan at Lutuing Anhui.

Iba't iba ang ipinagmamalaking lasa ng mga lutuing ito. Halimbawa, ang Lutuing Sichuan ay maanghang, ang Lutuing Jiangsu ay manamis-namis at ang Lutuing Cantonese naman ay katamtaman ang lasa. Ang dumpling ay mayroon nang mahigit isang libong taong kasaysayan. Ito ang isa sa mga paboritong pagkain ng mga Tsino. Binabalutan ang mga ito ng dumpling skins at pinalalamanan ng karne at gulay tapos pinakukuluan sa tubig. Ang dumplings ay maihahalintulad sa hugis-sapatos na ginto o pilak na ingots na ginagamit na pera noong araw, kaya ang mga Chinese ay nagluluto ng dumplings kung Spring Festival, na anila ay “nagpapahiwatig ng pagpasok ng pera at yaman.”

L: Diyan nagtatapos ang ating aralin sa araw na ito. Muli, mayroon kaming tanong: Paano ninyo sasabihin ang “Ano ang inyong espesyaliti?” sa wikang Tsino?


X: Kung alam ninyo ang sagot, mag-e-mail lamang sa: Filipino_section@yahoo.com.

L: At para sa mga karagdagang detalye, huwag kayong mag-atubiling bumisita sa aming website na Filipino.cri.cn. Itong muli si Liu Kai na nagpapasalamat sa inyong pagsalo sa amin. Hanggang sa muli.

X: Ito naman si Xian Jie. 再见!

第十四课 吃自助餐

Aralin Bilang Labing-apat Sa Isang Bupe



X: Hi! 大家好! Halikayong muli sa programang Pang-araw-araw na Wikang Tsino. Ito si Xian Jie.

L: Ito naman si Liu Kai. Noong nakaraan, kumain tayo ng napakasasarap na pagkain sa isang restawran. Sa tingin ko talagang napakahalagang pagbalik-aralan natin ang mahahalagang pangungusap na natutuhan natin.

X: Okey, simulan natin sa isang ito: "Ano ang inyong espesyalti?"

L: 你们有什么特色菜?

X: Kailangan ba ninyo ng kutsilyo't tinidor?

L: 你需要刀叉吗?

X: Kung gusto ninyong tanungin ang isang Tsino ng "Mawalang-galang na, gusto po ba ninyo ng tsaang itim?", maari ninyo itong sabihin sa ganitong paraan:

L: 请问你要红茶吗?

L: Susunod naman ang mga usapan noong nakaraan:



完整对话 Ang Lahat ng Usapan

对话一 Usapan Bilang Isa

A: 你们有什么特色菜? Ano ang inyong espesyalti?

B: 烤鸭。你喜欢吗? Roast Duck. Gusto ba ninyo ito?

A: 喜欢。Oo.

对话二 Usapan Bilang Dalawa

A: 你需要刀叉吗? Kailangan ba ninyo ng kutsilyo't

tinidor?

B: 不。我想试着用筷子。Gusto kong subukin ang chopsticks.

对话三 Usapan Bilang Tatlo

A: 请问你要红茶吗? Mawalang-galang na, maari bang malaman kung gusto ninyo ng tsaang itim?

B: 我想尝尝中国绿茶。Gusto kong subukin ang berdeng tsaang Tsino.

X: Hanggang diyan na lang ang ating pagbabalik-aral.



今日关键 Misyon sa Araw na Ito

Qǐng nǐ men děng yí huìr.

请你们等一会儿。Hintay lang po sandali.

Wǒ men yào děng duō jiǔ?

我们要等多久?

Gaano kami katagal maghihintay?

Wèi dao zěn me yàng?

味道怎么样?

Anong masasabi ninyo sa pagkain?

Zhēn de hěn hǎo chī.

真的很好吃。Talagang napakasarap.

Wǒ chī bǎo le.

我吃饱了。Nabusog ako.